ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# ANG MGA DANAS SA PAGTUTURO NG MGA PANITIKANG PAMBANSA: ANG KONSEPTO NG KABANSAAN SA SILID-ARALAN

**Grace E. Cabo[1], Rene P. Sultan, EdD, DPA[2]**
*[1]ORCID No. 0009-0002-3055-7371*
*Teacher I, Sulop National High School, Poblacion, Sulop, Davao del Sur*
*[2]Professor, Rizal Memorial Colleges, Inc. Lopez Jaena & F. Torres Streets, Poblacion District, Davao City, Davao Del Sur*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra20069**
**DOI No: 10.36713/epra20069**

## ABSTRAK

*Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay alamin ang mga danas, pagtatagumpay sa mga balakid at kabatiran ukol sa pagtuturo ng panitikang pambansa sa kasalukuyang panahon. Sa pamaraang purposive sampling, napili ang siyam (9) na kahahok mula sa mga piling paaralan ng Sangay ng Davao del Sur na sumalang sa pinalalim na panayam upang bigyan ng tugon ang mga tanong sa pananaliksik. Sa pamamagitan ng disenyong phenome-nology, nalantad ang mahahalagang kaisipan. Napatunayang nagtuturo ang mga guro ng panitikang pambansa gamit ang mga digital na kagamitan at iba't ibang estratehiya ayon sa genre ng panitikan. Nagiging madali ang pag-tuturo ng wika gamit ang panitikang makabayan bilang lunsaran ng pag-aaral ng mga araling pang-wika. Sa pagtuturo, kailangang sumabay ang mga guro sa daloy ng teknolohiya, ikawing nila ang kalinangang Pilipino sa kalinangan ng ibang bansa at magtaguyod ng malawak na pananaliksik. Dahil dito, kailangang paigtingin ang pagtuturo ng panitikang pambansa at patatagin ang kurikulum sa paglinang ng pagkamakabayan gayundin ang pagtataguy-od ng pagsasanay para sa mga guro sa pagtuturo ng panitikan.*

**SUSING SALITA**: *Panitikang Pambansa, Mga Danas, Balakid, Kabatiran, Sangay ng Davao del Sur*

## INTRODUKSYON

Itinatakda ng Saligang Batas ng 1987 ang pagpapalaganap ng pagkamakabayan, paggalang sa karapatang pantao, at pagpapahalaga sa pambansang identidad sa sistema ng edukasyon. Gayunpaman, nahaharap ang Pilipinas sa hamon ng lumuluwag na koneksyon ng kabataan sa kasaysayan at kultura ng bansa. Ayon kina Qian, Xu, at Chen (2016), may limitadong epekto sa pagpapatibay ng nasyonalismo ang kasalukuyang pagtuturo sa mga paaralan sa Tsina, na maaaring may pagkakatulad sa konteksto ng Pilipinas. Samantala, ipinakita ng Scispace (2023) na bagaman may mahalagang papel ang edukasyon sa pagbubuo ng pambansang pagkakakilanlan, maaari rin nitong burahin ang lokal na identidad ng mga katutubo.

Sa lokal na antas, napansin ang kakulangan ng kaalaman ng mga mag-aaral sa kasaysayan ng kanilang sariling bayan. Ang kasalukuyang kurikulum ay maaaring hindi sapat sa pagpapalakas ng kamalayang makabansa. Sa ganitong konteksto, inilulunsad ang pananaliksik na ito upang maitala ang karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng panitikang pambansa. Sa halip na ituon lamang sa mga mag-aaral, layunin ng pag-aaral na ito na bigyang-diin ang hamon at katatagan ng mga guro sa bagong normal ng edukasyon. Ang mga natuklasan ay maaaring magsilbing batayan para sa mas epektibong patakaran at estratehiya sa pagtuturo ng panitikang pambansa sa kasalukuyang panahon.

### Layunin ng Pag-aaral

Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay galugarin at pagnilayan ang mga danas ng mga guro sa pagtuturo ng panitikang pambansa sa kasalukuyang panahon sa mga paaralang sekundarya ng Sangay ng Davao del Sur, Rehiyon XI. Sa puntong ito ng pananaliksik, nais kong matuklasan ang mga danas, balakid at kabatiran ukol sa pagtuturo ng panitikang pambansa sa kasalukuyang panahon at magamit ang mga kinakailangang pananaw sa pagbuo ng mga polisiya at patakaran ng mga namumuno sa sektor ng edukasyon lalo na sa mga naatasang mamahala sa programang pang-kurikulum. Dagdag pa, maaari ding paghanguan ng kaalaman ang aking pag-aaral sa paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo at mga pagsasanay para sa mga guro.

### Mga Katanungan sa Pananaliksik

Ninanais ng pag-aaral na ito na mabigyang kasagutan ang sumusunod na mga tanong:

1. Ano-ano ang mga danas ng mga guro sa pagtuturo ng panitikang pambansa sa kasalukuyang panahon?
2. Paano hinaharap ng mga guro ang mga balakid sa pagtuturo ng panitikang pambansa sa kasalukuyang panahon?
3. Ano-ano ang mga kabatiran ng mga guro sa pagtuturo ng panitikang pambansa sa kasalukuyang panahon bilang mahalagang input sa pagtuturo ng panitikan?

## PAMAMARAAN

Isinagawa ang pananaliksik na ito gamit ang kuwalitatibong disenyo, partikular ang penomenolohikal na pamamaraan, upang suriin ang mga karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng panitikang pambansa sa kasalukuyang panahon.

Ang mga kalahok ay siyam (9) na guro sa pampublikong paaralang sekundarya sa Sangay ng Davao del Sur na may karanasan sa pagtuturo ng Filipino sa ika-8 baitang nang hindi bababa sa limang taon. Pinili sila gamit ang purposive sampling upang matiyak ang kaugnayan ng kanilang karanasan sa layunin ng pananaliksik.

Ang pangangalap ng datos ay isinagawa sa pamamagitan ng pinalalim na panayam gamit ang isang interview guide, na nakatuon sa kanilang mga pananaw, hamon, at estratehiya sa pagtuturo ng panitikang pambansa. Tiniyak ang etikal na pagsasaalang-alang sa pamamagitan ng *informed consent*, pagtiyak sa kumpidensyalidad, at boluntaryong partisipasyon ng mga kalahok.

Sa pagsusuri ng datos, ginamit ang tematikong pagsusuri, kung saan ang transkribadong panayam ay kinodipika upang matukoy ang mga pangunahing tema at kategorya. Sinunod ang mga


ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

pamantayan ng credibility, dependability, transferability, at confirmability upang mapanatili ang bisa at katumpakan ng pag-aaral.

Layunin ng metodolohiyang ito na magbigay ng malalim na pag-unawa sa danas ng mga guro sa pagtuturo ng panitikang pambansa at magsilbing batayan sa pagpapabuti ng mga estratehiya at patakaran sa edukasyon.

## PAGTALAKAY SA KINALABASAN

***Mga Danas ng mga Guro sa Pagtuturo ng Panitikang Pambansa sa Kasalukuyang Panahon***




***Talangguhitan 1. Mga Danas ng mga Guro sa Pagtuturo ng Panitikang Pambansa***

Ang pag-aaral na ito ay nagbigay-liwanag sa mga karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng panitikang pambansa sa antas sekundarya, na naipangkat sa apat na pangunahing tema: (1) paggamit ng kagamitang digital sa pagtuturo, (2) paggamit ng estratehiya ayon sa genre ng panitikan, (3) panitikan bilang lunsaran ng pagtuturo ng wika, at (4) panitikan bilang kasangkapan sa pagpapalakas ng pagkamakabayan.

**Paggamit ng Kagamitang Digital sa Pagtuturo**

Lumalabas sa pagsusuri na mahalaga ang digital na kagamitan sa pagpapahusay ng pagtuturo ng panitikang pambansa. Ang teknolohiya ay nagpapadali sa pag-access ng mga guro at mag-aaral sa iba't ibang sanggunian at kultural na nilalaman, na nagpapataas ng antas ng interaktibong pagkatuto (Ali, Ahmad, & Sewani, 2022). Bukod dito, ang paggamit ng multimedia ay nagpapaigting ng interes ng mga mag-aaral sa panitikan, na tumutulong sa kanila na unawain ang mga pangunahing ideya, tema, at konteksto ng mga akdang pampanitikan (Gilakjani, 2017).

Dagdag pa, ipinakita ng pananaliksik na ang mga materyal na digital ay hindi lamang nagiging kasangkapan sa pag-aaral kundi nagtataguyod din ng kolaborasyon, kritikal na pag-iisip, at mas epektibong komunikasyon sa loob ng silid-aralan (Shyamlee & Phil, 2012). Samakatuwid, ipinapakita ng pag-aaral na ang teknolohiya ay hindi lamang nagbibigay ng mas madaling pag-access sa impormasyon kundi nagiging tulay rin sa mas makabuluhang pagkatuto ng panitikang pambansa sa kasalukuyang panahon.

**Paggamit ng Iba't ibang Estratehiya Ayon sa Genre ng Panitikan**

Isa mahahalagang natuklasang tema sa pag-aaral na ito ay ang paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo batay sa genre ng panitikan. May partikular na pamamaraan sa pagtuturo ng tula, sanaysay, maikling kuwento, at nobela upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang panitikang pambansa at ang mga pagpapahalagang Pilipino na nakapaloob dito.

Ayon kay Subramanyam (2012), ang paggamit ng mga angkop na estratehiya sa pagtuturo ng panitikan ay mahalaga upang matamo ng mga mag-aaral ang mas malalim na pag-unawa sa mga tekstong pampanitikan. Sinusuportahan din ito nina Mustakim at Lebar (2012), na nagsasabing ang mabisang pagtuturo ng panitikan ay nagpapayaman sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa, pagsusuri, at kritikal na pag-iisip. Ang pag-aaral ng panitikang pambansa ay hindi lamang tungkol sa pag-unawa ng teksto kundi pati na rin sa pagpapahalaga sa kalinangang Pilipino,

na nagbubunsod ng mas mataas na kamalayang pambansa sa hanay ng mga mag-aaral.

Sa pamamagitan ng angkop na estratehiya sa pagtuturo, naisasalin ng mga guro hindi lamang ang nilalaman ng akda kundi pati ang mga diwa ng kabansaan at identidad Pilipino, na mahalaga sa paghubog ng pagkatao at pananaw ng mga mag-aaral sa kanilang kultura at kasaysayan.

**Napadadali ang Pagtuturo ng Wika Dahil sa mga Lunsarang Pampanitikan**

Isa sa mahahalagang natuklasan sa pag-aaral na ito ay ang kahalagahan ng panitikang pambansa sa pagpapadali ng pagtuturo ng wika. Ayon sa mga gurong kalahok, ang paggamit ng mga maikling kuwento, awit, nobela, at sanaysay na may temang pambansa ay nagbubunsod ng mas mataas na hilig sa pagbasa at nagpapalakas ng kompetensiyang pangwika ng mga mag-aaral.

Ayon kay Sage (2007), ang panitikan ay isang mahalagang bahagi ng kurikulum sa wika dahil ito ang nagsisilbing awtentikong teksto na nagpapayaman sa pagkatuto. Samantala, binigyang-diin din ni Obediat (2007) na ang panitikang nakasentro sa pambansang identidad, kultura, at tradisyon ay hindi lamang nagpapayabong sa kasanayan sa wika kundi nagpapalalim din ng pagpapahalaga sa kulturang Pilipino.

Dahil dito, lumalabas na ang panitikang pambansa ay isang mabisang kasangkapan sa pagtuturo ng wika. Hindi lamang nito hinihikayat ang masigasig na pagbasa, kundi pinauunlad din nito ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral habang ipinapakilala sa kanila ang sariling kultura at identidad bilang Pilipino.


**Naging Mabisa ang Panitikan sa Pagtuturo ng Pagkamakabayan**

Isang mahalagang tema sa pag-aaral na ito ay ang pagtuturo ng pagkamakabayan sa pamamagitan ng panitikang pambansa. Ayon sa mga gurong kalahok, ang pagbasa ng mga akdang tumatalakay sa kasaysayan, kultura, at tradisyon ng Pilipinas ay isang mabisang paraan upang palakasin ang pagmamahal ng mga mag-aaral sa bayan.

Ayon kina Istiyani at Wibowo (2020), sa Indonesia, ang pagkamakabayan ay isang mahalagang bahagi ng edukasyon na maaaring epektibong maipaunawa sa pamamagitan ng panitikan, lalo na sa mga akdang patula. Samantala, binigyang-diin nina Pamungkas at Sudigdo (2022) na ang maagang pagtuturo ng nasyonalismo sa mga mag-aaral ay isang mahalagang hakbang upang mapanatili ang diwang makabansa sa kanilang paglaki.

Pinalalakas din ng pag-aaral na ito ang pananaw nina Sugigdo et al. (2023) na ang panitikan ay isang mabisang daluyan sa pagsasalin ng diwang makabansa. Sa pamamagitan ng mga akdang pampanitikan, naipapakita hindi lamang ang kasaysayan at identidad ng bansa kundi pati na rin ang mga pagpapahalagang dapat taglayin ng bawat mamamayan upang mapanatili ang nasyonalismo sa hinaharap.

***Paano hinaharap ng mga guro ang mga balakid sa pagtuturo ng panitikang pambansa sa kasalukuyang panahon?***




***Talangguhitan 2. Paano hinaharap ng mga guro ang mga balakid sa pagtuturo ng panitikang pambansa sa kasalukuyang panahon?***

**Mga Hamon sa Pagtuturo ng Panitikang Pambansa**

Ipinapakita ng pag-aaral na ito ang mayamang salaysay ng mga gurong kalahok sa pagharap sa mga balakid sa pagtuturo ng

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

panitikang pambansa sa kasalukuyang panahon. Tatlong pangunahing tema ang lumitaw: (1) pagsabay sa daloy ng teknolohiya, (2) pagkakawing ng kalinangang Pilipino sa kalinangan ng ibang bansa, at (3) pagsasagawa ng malawak na pananaliksik.

**Pagsabay sa Daloy ng Teknolohiya**

Isa sa mga hamon sa pagtuturo ng panitikang pambansa ay ang pag-angkop sa makabagong teknolohiya. Ayon sa mga gurong kalahok, ang tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo ay hindi na lubos na epektibo sa mga mag-aaral na lumaki sa digital na panahon. Dahil dito, kinailangan nilang pag-aralan ang paggamit ng iba't ibang educational apps at digital tools upang gawing mas interaktibo ang kanilang pagtuturo.

Ayon kay Gutsal (2022), ang paggamit ng teknolohiya ay mahalaga sa isang multilingguwal na klase dahil bawat mag-aaral ay may natatanging karanasan at paraan ng pagkatuto. Kaya, kailangang maging dinamiko at inklusibo ang estratehiya ng mga guro upang mas epektibong maituro ang panitikang pambansa sa isang makabago at kawili-wiling paraan.

**Pagkakawing ng Kalinangang Pilipino sa Kalinangan ng Ibang Bansa.**

Ang pagtuturo ng panitikang pambansa ay isang hamon sa edukasyon, lalo na sa pagpapalakas ng diwang makabansa habang isinasaalang-alang ang global na pananaw. Ayon sa mga gurong kalahok, mahalagang maihambing ang kaunlaran ng ibang bansa sa sariling bansa upang magsilbing pagganyak sa mga mag-aaral na magpursigi para sa pambansang pag-unlad.

Ayon kay Upreti (2012), ang pag-aaral ng kasaysayan at pag-unlad ng ibang bansa ay isang epektibong paraan upang maipaunawa ang mga estratehiyang maaaring maging modelo sa sariling bansa. Sinusuportahan ito nina Akib et al. (2020), na nagsasaad na ang kakulangan sa kaalaman sa kaunlaran ng ibang bansa ay maaaring humadlang sa pagiging aktibo ng isang indibidwal sa pagsulong ng sariling bayan.


**Pagsasagawa ng Malawak na Pananaliksik**

Ang malawak na pananaliksik ay isang mahalagang kasangkapan sa pagtuturo ng panitikang pambansa. Ayon sa mga gurong kalahok, nagiging mas epektibo ang kanilang pagtuturo kapag may sapat silang kaalaman at malalim na pag-unawa sa mga tekstong pampanitikan.

Ayon kay Holland (2023), dapat makita ng mga guro ang kanilang sarili bilang mananaliksik na patuloy na nagsusuri at nagpapalawak ng kaalaman upang mapabuti ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Bagama't ang pormal na pananaliksik ay karaniwang ginagawa sa mas mataas na edukasyon, ang mga guro ay nagsasagawa rin ng impormal na pananaliksik sa kanilang silid-aralan upang suriin at bigyang-kahulugan ang gawain ng mga mag-aaral.

Dagdag pa, binibigyang-diin ni Holland na mahalaga ang paggamit ng iba't ibang sanggunian at pagsusuri ng kasalukuyang mga kaganapan sa bansa at sa ibang bansa upang gawing mas makabuluhan at may kaugnayan sa lipunan ang pagtuturo ng panitikang pambansa. Sa pamamagitan ng pananaliksik, nagiging mas malawak ang perspektiba ng mga guro, na nagreresulta sa mas malalim na pagpapahalaga at mas epektibong pagtuturo sa kanilang mga mag-aaral.

***Kabatiran ng mga Guro sa Pagtuturo ng Panitikang Pambansa sa Kasalukuyang Panahon***




***Talangguhitan 3. Kabatiran ng mga Guro sa Pagtuturo ng Panitikang Pambansa sa Kasalukuyang Panahon***

**Kabatiran ng mga Guro sa Pagtuturo ng Panitikang Pambansa sa Kasalukuyang Panahon**

Mahalaga ang papel ng mga guro sa pagpapalaganap ng panitikang pambansa upang mapaunlad ang kamuwangan at pagpapahalagang Pilipino ng mga mag-aaral. Batay sa pagsusuri, lumitaw ang tatlong pangunahing temang may kaugnayan sa kanilang mga kabatiran: (1) paigtingin ang pagtuturo ng mga kaakuhang pambansa, (2) patatagin ang kurikulum sa paglinang ng pagkamakabayan, at (3) makabuluhan ang pagsasanay para sa mga guro sa pagtuturo ng panitikan.

**Paigtingin ang Pagtuturo ng mga Kaakuhang Pambansa**

Lumabas sa mga salaysay ng mga guro na kailangang palakasin ang pagtuturo ng mga kaakuhang pambansa upang higit na mapatatag ang pambansang identidad at kasanayang pampanitikan ng mga mag-aaral. Ayon kay Abida (2016), ang panitikang pambansa ay isang mahalagang asignatura sa mataas na paaralan, unibersidad, at kolehiyo, lalo na para sa mga kursong may kinalaman sa wika at panitikan. Bukod sa pagpapalawak ng kasanayan sa pagbasa, pagsulat, at pagsasalita, ang panitikang pambansa ay nagbibigay rin ng malalim na sensibilidad, kamalayan sa sarili, at pag-unawa sa mundo.

Ayon naman kina Fakoya at Ogunpitan (2001), ang mabisang pagtuturo ng panitikang pambansa ay nangangailangan ng literary competence, na kinabibilangan ng pagpapahalagang pampanitikan at kakayahang magsuri ng mga akdang pampanitikan. Ang prosesong ito ay hindi lamang naglalayong maunawaan ang nilalaman ng akda kundi pati ang kahalagahan nito sa buhay at kultura ng mag-aaral. Sa pamamagitan ng panitikang pambansa, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng mas malalim na pananaw sa kanilang sariling identidad bilang Pilipino, na mahalaga sa pagpapalakas ng diwang makabansa sa kasalukuyang panahon.

**Patatagin ang Kurikulum sa Paglinang ng Pagkamakabayan**

Mahalaga ang pagpapatatag ng kurikulum upang epektibong mapalalim ang diwang makabansa ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng panitikang pambansa. Batay sa mga guro, ang paggamit ng angkop na estratehiya sa pagtuturo ay nakatutulong upang gawing motibasyon at mas kawili-wili ang pag-aaral ng panitikan. Ayon kay Van (2009), dapat bigyang-diin sa kurikulum ang pag-aaral ng panitikang pambansa upang mapalakas ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang pinagmulan, tradisyon, kultura, at kasaysayan, na siyang pundasyon ng kanilang kamalayang pambansa.

Ayon naman kay Li (2011), ang guro ay may tungkuling pahusayin ang katalinuhan at literasi ng mga mag-aaral, hindi lamang sa pagbasa at paggunita ng akda kundi sa malalim na pagsusuri ng panitikang nagpapalakas ng pagpapahalagang pambansa. Pinagtibay rin ito ni Soltan (2010), na binigyang-diin ang pangangailangan ng sapat na kaalaman ng mga guro sa panitikan upang epektibong maipaliwanag ang pambansang identidad sa mga mag-aaral.

Dahil dito, lumilitaw na ang pagpapalakas ng kurikulum sa panitikang pambansa ay isang mahalagang hakbang sa paglinang ng makabayang pananaw. Sa pamamagitan ng makabago at epektibong estratehiya sa pagtuturo, mas magiging kapaki-pakinabang ang panitikan sa paghubog ng kamalayan at pagmamahal ng mga mag-aaral sa kanilang bansa.

**Makabuluhan ang Pagsasanay para sa mga Guro sa Pagtuturo ng Panitikan**

Lumabas sa pag-aaral na mahalaga ang patuloy na pagsasanay ng mga guro upang mapabuti ang pagtuturo ng panitikang pambansa. Ayon kina Koellner at Greenblatt (2018), ang pagsasanay ng guro ay isang epektibong paraan upang mapaunlad ang kanilang kaalaman, kasanayan, at motibasyon, na mahalaga sa patuloy na pag-unlad ng kanilang propesyonal na kakayahan.

Pinagtibay rin nina Gorozidis at Papaioannou (2014) na ang mga pagsasanay ay nakatuon sa pagpapalakas ng kaalaman at propesyonal na paglago ng mga guro. Ang iba't ibang anyo ng pagsasanay, tulad ng workshop, kumperensya, at pulong ng kawani, ay nagiging mahalagang bahagi ng patuloy na pag-unlad ng kakayahan ng mga guro sa pagtuturo.

Suportado rin ng pag-aaral na ito ang Nationalism Theory ni Greene (2024), na binibigyang-diin ang kahalagahan ng pagtuturo ng panitikang pambansa bilang paraan ng pagpapalakas ng pambansang identidad. Sinusuportahan din ito nina O'Scanaill (2020) at Mwanza at Engestrom (2005), na nagsasabing dapat na patuloy na matuto ang mga guro upang mapagtagumpayan ang mga hamon ng makabagong pagtuturo, kabilang na ang paggamit ng teknolohiya at mga pedagohikal na pagbabago.

Sa kabuuan, ipinapakita ng pag-aaral na ang patuloy na pagsasanay ng mga guro ay hindi lamang isang pangangailangan kundi isang pundasyon sa pagpapabuti ng pagtuturo ng panitikang pambansa at pagpapalakas ng diwang makabansa sa mga mag-aaral.

**Implikasyon ng Pag-aaral**

Ipinakita ng pag-aaral na ang digital na teknolohiya, estratehiya batay sa genre, at panitikan bilang lunsaran ng wika ay mahalagang salik sa epektibong pagtuturo ng panitikang pambansa. Pinatunayan din na mabisang kasangkapan ang panitikan sa pagpapalakas ng diwang makabansa.

Sa pagharap sa mga hamon sa pagtuturo, kailangang sumabay ang mga guro sa teknolohiya, maiugnay ang kulturang Pilipino sa global na konteksto, at magsagawa ng patuloy na pananaliksik. Ang pagsasanay sa pedagohiya at pagbuo ng epektibong materyales ay mahahalagang hakbang upang mapalakas ang kanilang kakayahan sa pagtuturo.

Dagdag pa, ipinakita ng pag-aaral na mahalaga ang: (1) pagpapaigting ng pagtuturo ng panitikang pambansa, (2) pagpapatatag ng kurikulum sa pagpapalakas ng pagkamakabayan, at (3) patuloy na pagsasanay ng mga guro. Dapat isama ang panitikang pambansa sa mas mataas na antas ng edukasyon upang matiyak ang kahandaan ng mga guro. Gayundin, ang patuloy na in-service training at LAC sessions ay dapat ipagpatuloy upang mapaunlad ang kanilang kasanayan.

**Direksyon sa Hinaharap**

Hinahain ng pag-aaral na ito ang batayan para sa pagbuo ng polisiya, kurikulum, at programang pangpagsanay para sa mga guro. Ang Kagawaran ng Edukasyon ay maaaring magsagawa ng rebyu sa nilalaman ng kurikulum sa Filipino at bumuo ng mga kagamitang pampagtuturo na tumutugon sa konteksto ng mga mag-aaral.

Sa mga susunod na pananaliksik, maaaring pagtuunan ng pansin ang pagtuturo ng panitikang Asyano, modelo ng pagtuturo ng panitikan sa senior high school at kolehiyo, at iba pang inobatibong estratehiya sa pagtuturo ng panitikang pambansa.

## TALAAN NG MGA SANGGUNIAN

1. *Abida, F. (2016). Critical thinking skills to literary works: A methodof teaching language through literature. Nakuha: Enero 2023 mula sa http://ojs.umsida.ac.id/index.php/jess*
2. *Akib, E., Imran, M. E., Mahtari, S., Mahmud, M. R., Prawiyogy, A. G., Supriatna, I., & Ikhsan, M. T. H. (2020). Study on implementation of integrated curriculum in Indonesia. IJORER: International Journal of Recent Educational Research, 1(1), 39–57*

3. *Ali, Z., Ahmad, N., & Sewani, R. (2022). Examining elementary school teachers' professional proficiencies with technology integrationand their Impact on Students' Achievement. Journal of Positive School Psychology, 6(7), 2950-2968.*
4. *Fakoya, A., & Ogunpitan, S. (2001). The English compendium3 & 4 (pp. 212-221). Lagos: Department of English, LASU.Nakuha mula sa: http://www.academia.edu/7482120/Literary_Appreciation*
5. *Gilakjani, A.P. (2017). A review of the literature on the integration of technology into the learning and teaching of English language skills. The Research Gate.*
6. *Gorozidis, G., & Papaioannou, A. G. (2014). Teachers' motivation to participate intraining and to implement innovations. Teaching and Teacher Education, 39, 1-11.*
   *Greene, J. (2004). The emergence of nationalism. Oxford University Press.*
7. *Holland, N. (2023). How to read and interpret research to benefit your teaching practice. George Lucas Educational Foundation*
8. *Istiyani, D., & Wibowo, A. M. (2020). Internalizing nationalism awareness in early childhood Islamic education institution with the spirit of Aswaja an-Nahdliyah. Analisa: Journal of Social Science and Religion, 5(02), 51–266.*
9. *Li, D. (2011). How to teach and learn English literature in e-education era. International Journal of e-Education, e-Business, e-Management and E-Learning.*
10. *Mustakim, S., & Lebar, O. (2012). Contemporary children's literature to enhance thinking skills: issues and challenges. International Conference on Multidisciplinary Research. Pulau Pinang: Universiti Sains Malaysia.*
11. *Mwanza, D. & Engestrom, Y. (2005). Managing contents in e-learning environment. ResearchGate.*
12. *Obediat, M. (1997). "Language vs. Literature in English Departments in the Arab World". English Teaching Forum.*
13. *O' Scanaill, M. (2020). Brain-based learning. DyKnow.*
14. *Pamungkas, O. Y., & Sudigdo, A. (2022). Profile of pancasila students: Implementation of diversity in MBKM student's stories in UST Yogyakarta. Daengku: Journal of Humanities and Social Sciences Innovation, 2(2), 156–164*
15. *Qian, L., Xu, B. & Chen, D. (2016). Does history education promote nationalism in China? A 'Limited Effect' Explanation. Nakuha: Nobyembre 2023 mula sa https://doi.org/10.1080/10670564.2016.1223103.*
16. *Sage, H. (2007). Incorporating literature in ESL instruction. New Jersey: Prentice-Hall, Inc.*
17. *SciSpace (2023). The role of education in shaping Filipino nationalism: A historical analysis? Nakuha: Nobyembre 2023 mula sa https://typeset.io/questions/the-role-of-education-in-shaping-filipino-nationalism-a-wh3zqdr8j5*
18. *Shyamlee, S. D., & Phil, M. (2012). Use of technology in English language teaching and learning: An Analysis. In International Conference on Language, Medias and Culture (Vol. 33, pp. 150-156).*
19. *Subramanyam, S. (2012). On English language teaching. The Malaysia International Conference on English Language Teaching MICELT 2012. UPM, Serdang. Malaysia: Department ofLanguage & Humanities Education.*
20. *Sudigdo, A., Pamungkas, O.Y., Hastangka, S., Raharjo, B., & Suprapto, A. (2023). The spirit of nationalism in literature: A case study of students in Yogyakarta.Studies in Teaching and Learning. Indonesia.*
21. *Upreti, K. (2012). Teaching short stories: challenges and issues. Tribhuvan University, Nepal.*
22. *Van, T. T. M. (2009). The relevance of literary analysis to teaching literature in the EFL classroom. English Teaching Forum*